*Panalangin ng mga Kristiyano sa Maghapon*

# LITURGY OF THE HOURS

## PANALANGIN SA TAKIPSILIM II

Ika-30 ng Marso, 2025

{ Ika-4 Linggo sa Panahon ng Kuwaresma }

LITURGY OF THE HOURS
EBREVIARY

*Tumayo at gawin ang tanda ng krus*

O Diyos, halina at ako'y tulungan.

— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

## Awit

Banal na Pagmamahal, dakila ka sa lahat,
Ligaya ka ng langit, sa lupa ay laganap.
Sa aming mga tao, awa mo ay igawad,
Pagpapalang sagana, amin nawang matanggap.

Sa iyo nanggagaling, lahat ng awa't habag,
Walang hanggang pag-ibig, Hesus 'yong ginaganap.
Halina't idulot mo ang biyayang tumatag,
Upang manatili kang kasama hanggang wakas.

Dakilain ang Ama sa kanyang kapurihan
Na kasama ng Anak, at Espiritung Banal,
Di kayo mahahati, iisang Diyos lamang,
Laging dadakilain at pasasalamatan.

*Umupo o tumayo*

## Mga Antipona at Salmo

*Antipona 1*

Itinalaga ng Diyos si Kristo upang maging hukom ng mga buhay at ng mga yumao.

*Salmo 110:1-5, 7*

*(Ang Mesiyas, hari at pari)*

Sinabi ng PANGINOON,
Sa Hari ko't PANGINOON,
"Maupo ka sa kanan ko,
Hanggang ang kaaway mo,
Ay lubos na mapasuko, pagkat iyong matatalo."

Magmula sa dakong Sion,
Ay palalawakin niya ang lupaing iyong sakop;
"At lahat ng kaaway mo'y
Sakupin at pagharian," gayon ang kanyang utos.

Sasamahan ka ng madla,
Kung dumating ang panahong lusubin ka ng kaaway;
Magmula sa mga bundok,
Lalabas at sasamahan ka ng mga kabataan.

Ang PANGINOON ay may pangako
Na ito'y tiyak mangyayari, ganito ang kanyang saysay:
"Katulad ni Melquisedec,
Gagawin kang saserdote, na hindi na wawakasan."

Ang PANGINOON ay naroroong
Nakaupo sa kanan mo, at pag siya ay nagalit,
Ang lahat ng mga hari ay tiyak na malulupig.

Sa batis sa lansangan,
Itong hari ay iinom, at sisigla ang katawan;
Sa lakas na tataglayin, matatamo ang tagumpay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Itinalaga ng Diyos si Kristo upang maging hukom ng mga buhay at ng mga yumao.

*Antipona 2*

Mapalad ang taong nagpakita ng awa dahil sa Panginoon; magiging matatag siya sa habang panahon.

*Salmo 112*

*(Ang kasiyahan ng taong matuwid)*

Mapalad ang tao na may takot sa Diyos,
Siyang sumusunod nang buong alindog.
Ang kanyang lipi'y magiging dakila,
Pati mga angkan ay pinagpapala.

Magiging sagana sa kanyang tahanan

Katarungan niya'y walang katapusan.
Ang taong matuwid, may bait at habag,
Kahit sa madilim taglay ay liwanag.

Ang mapagpautang nagiging mapalad,
Kung sa hanapbuhay siya'y laging tapat.
Hindi mabibigo ang taong matuwid,
Di malilimutan kahit isang saglit.

Anumang balita'y hindi siya takot,
Matatag ang puso't may tiwala sa Diyos.
Wala siyang takot hindi nangangamba,
Alam na babagsak ang kaaway niya.

Mabait na lubha, lalo sa mahirap,
Ang pagiging mat'wid ay di nagwawakas,
Buong karangalan siyang itataas.

Kung makita ito ng mga masama,
Lumalayas silang mabagsik ang mukha;
Pagkat ang pag-asa'y lubos nang nawala.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Mapalad ang taong nagpakita ng awa dahil sa Panginoon; magiging matatag siya sa habang panahon.

*Antipona 3*

Naganap na ang mga bagay na inihayag ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang mga propeta tungkol sa mga paghihirap na titiisin ni Kristo Hesus.

*Awit: 1 Pedro 2:21-24*

*(Ang kusang pagtanggap ni Kristo, ang lingkod ng Diyos, ng kanyang paghihirap)*

Ang pagtitiis ng hirap
Ay bahagi ng pagkahirang sa inyo ng Diyos;
Sapagkat nang si Kristo
Ay magtiis para sa inyo,
Binigyan niya kayo

Ng halimbawang dapat tularan.

Hindi siya gumawa ng anumang kasalanan,
O nagsinungaling kailanman.
Nang siya'y alipustain, hindi siya gumanti.
Nang siya'y pahirapan, hindi siya nagbanta.
Nanalig siya sa Diyos na makatarungan.

Sa kanyang pagkamatay sa krus,
Dinala niya ang bigat ng ating mga kasalanan
Upang tuluyan na nating iwan ang pagkakasala
At mamuhay ayon sa kalooban ng Diyos.
Kayo'y gumaling sa pamamagitan ng kanyang mga sugat.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Naganap na ang mga bagay na inihayag ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang mga propeta tungkol sa mga paghihirap na titiisin ni Kristo Hesus.

*Umupo*

## Pagbasa ng Salita ng Diyos

*1 Corinto 9:24–27*

Alam ninyo na ang mga kasali sa takbuhan ay tumatakbong lahat, ngunit isa lamang ang nagkakamit ng gantimpala! Kaya pagbutihin ninyo ang pagtakbo upang kamtan ninyo ang gantimpala. Lahat ng manlalarong nagsasanay ay nagpipigil sa sarili sa lahat ng bagay upang magkamit ng isang putong na panandalian lamang, ngunit ang putong na hinahangad natin ay panghabang panahon. Kaya ako'y tumatakbo patungo sa isang tiyak na hangganan; at hindi ako sumusuntok sa hangin. Pinahihirapan ko ang aking katawan at sinusupil ang sarili, baka pagkatapos kong mangaral sa iba ay ako naman ang itakwil.

*Tugunan*

Pakinggan, O Panginoon, at kaawaan mo kami, sapagkat kami'y nagkasala sa iyo.

— Pakinggan, O Panginoon, at kaawaan mo kami, sapagkat kami'y nagkasala sa iyo.

Dinggin ang awing abang kahilingan, O Hesukristo,

— sapagkat kami'y nagkasala sa iyo.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Pakinggan, O Panginoon, at kaawaan mo kami, sapagkat kami'y nagkasala sa iyo.

*Tumayo*

## Papuring Awit ni Maria

*Antipona*

O walang hanggang Tagapagligtas, kami'y bantayan mo; at huwag kaming hayaang mahulog sa bitag ng tusong Manunukso; ang tiwala naming lahat ay nasa iyong di-mabibigong saklolo.

*Lukas 1:46-56*

*Gumawa tanda ng krus*

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.
Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako' y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan —
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.
Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

O walang hanggang Tagapagligtas, kami'y bantayan mo; at huwag kaming hayaang mahulog sa bitag ng tusong Manunukso; ang tiwala naming lahat ay nasa iyong di-mabibigong saklolo.

## Pangkalahatang Panalangin

Ang lahat ng papuri ay sa Diyos Amang nagdulot sa kanyang sambayanan ng panibagong buhay sa pamamagitan ng kanyang Walang Hanggang Salita. Sa kanya ay hilingin natin bilang kanyang mga anak:

— Panginoon, maging mapagpala sa iyong sambayanan.

Diyos ng awa, dinggin mo ang mga panalangin na aming iniaalay para sa iyong bayan,
maging hangarin nawa nilang mabusog sa iyong salita kaysa mga pagkain ng katawan.

— Panginoon, maging mapagpala sa iyong sambayanan.

Pagkalooban mo kami ng matapat at maalab na pag-ibig sa aming sariling bayan at sa buong sangkatauhan,
kumilos nawa kami upang makapagtayo ng isang daigdig na puno ng kapayapaan at kabutihan.

— Panginoon, maging mapagpala sa iyong sambayanan.

Tunghayan nang may pagmamahal ang lahat ng muling isinilang sa binyag,
upang sila'y maging mga buhay na bato sa iyong tahanan ng Espiritung liyag.

— Panginoon, maging mapagpala sa iyong sambayanan.

Inakit mo ang Ninive sa pagsisisi sa pamamagitan ng pangangaral ni Jonas,

sa iyong habag, hipuin mo ang mga puso ng mga makasalanan sa pamamagitan ng pangangaral ng iyong salita ng kaligtasan.

— Panginoon, maging mapagpala sa iyong sambayanan.

Bigyang pag-asa nawa ang mga nasa bingit ng kamatayan sa pagharap kay Kristong kanilang hukom,
sila nawa'y maging maligaya sa piling ng iyong kaluwalhatian habang panahon.

— Panginoon, maging mapagpala sa iyong sambayanan.

*Ama Namin*

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo
Mapasaamin ang kaharian Mo
Sundin ang loob Mo
Dito sa lupa, para nang sa langit.
Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw.
At patawarin Mo kami sa aming mga sala,
Para nang pagpapatawad namin
Sa mga nagkakasala sa amin.
At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso,
At iadya Mo kami sa lahat ng masama.
Sapagkat Iyo ang kaharian, at kapangyarihan,
At ang kadakilaan, magpakailanman.

## Pangwakas na Panalangin

Amang makapangyarihan,
sa Kuwaresma na aming ipinagdiriwang
maunawaan nawa namin ang kahulugan
ng pagkamatay at muling pagkabuhay ng iyong Anak
at turuan kaming ito'y mapagnilayan sa aming buhay,
sa pamamagitan ni Hesukristo,
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

— Amen.

*Paghayo*

Pagpalain nawa tayo ng panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.

— Amen.

PANALANGIN NG MGA KRISTIYANO SA MAGHAPON

Ang mga tekstong biblikal at mga Papuring Awit na ginamit ay halaw mula sa MAGANDANG BALITA BIBLIA. Karapatang-sipi @ 1973, Philippine Bible Society, U.N. Ave., Manila.

Ang mga titik ng mga Awit at ang mga disenyong pansining ay likha ni Padre Mar DJ Arenas.

Karapatang-sipi @ 1994, LUPON REHIYONAL UKOL SA TAGALOG SA LITURHIYA.

Archdiocesan Liturgical Commission, Manila

mobile prayers

Liturgy of the Hours

EBREVIARY

UNITED STATES OF AMERICA

*www.ebreviary.com*